

Ang mga pasyente ng PeaceHealth (o mga kinatawan ng pasyente, kung naaangkop) ay may karapatan na...

- Lumahok sa paggawa ng iyong indibidwal na plano ng gamutan at sa proseso ng ebalwasyon hangga't maaari.
- Kung ikaw ay may kapasidad na magbigay ng may-kabatirang pagsang-ayon, ikaw ay may karapatan na:
 - Magbigay at magbawi ng pagsang-ayon sa medikasyon at paggamot sa lahat ng sitwasyon na hindi nagsasangkot ng isang krisis o parating na krisis tulad ng inilarawan sa AS 47.30.838(a)(1). Ang isang pasilidad ay dapat sumunod sa mga pamamaraan na kinakailangan sa ilalim ng AS 47.30.836 — 47.30.839 bago ibigay ang psychotropic na medikasyon.
 - Tanggapin o tanggihan ang electroconvulsive na terapiya o aversive na pagkokondisyon. Hindi maaaring mangyari na kasama sa paggagamot ang psychosurgery, lobotomy o ibang pang maikukumpara na anyo ng paggamot nang wala ang iyong partikular na may-kabatirang pagsang-ayon. Kasama na rito ang mga menor-de-edad maliban kung ang menor-de-edad ay may kapansanan o malinaw na masyado pang bata para magbigay ng may-kabatirang pagsang-ayon, kung sa ganitong kaso, ang pagsang-ayon ng legal na tagapag-alaga ng menor de edad ay kailangan. Bilang dagdag, ang paggamot na ito ay hindi maaaring ibigay nang walang utos ng korte pagkatapos ng pagdinig na naaayon sa buong proseso ng batas.
- Maging malaya mula sa isang kinandadong tahimik na kuwarto, o ibang anyo ng pisikal na pagpigil, maliban na lang kung ikaw ay maaaring saktan ang iyong sarili o ang iba kung hindi ka pinipigilan. Walang kahit ano sa seksyong ito ang nakatuon para limitahan ang karapatan ng kawani para gumamit ng isang tahimik na kuwarto kung iyong hihilingin o nang mayroon kang kabatiran kapag isinaalang-alang ang iyong pinakamabuting interes.
 - Ang mga pasyente na inilagay sa isang tahimik na lugar o ibang pisikal na kulungan ay dapat na suriin bawat 15 minuto o higit pa kung ipinapahiwatig ng mabuting medikal na pagsasanay.
 - Ang mga pasyente na nasa loob ng isang tahimik na kuwarto ay dapat na bisitahin ng isang miyembro ng kawani nang hindi bababa sa isang beses bawat oras at dapat na mabigyan ng sapat na pagkain at inumin at mayroong mga pasilidad sa pagbabanyo.
 - Hindi maaari panatihilin ang isang pasyente sa loob ng isang tahimik na kuwarto o iba pang anyo ng pisikal na pagkakakulong nang labag sa kalooban ng pasyente na mas matagal kaysa sa kinakailangan para maabot ang mga layunin na itinakda para sa subseksyon na ito.
 - Ang lahat ng paggamit ng isang tahimik na kuwarto o iba pang kulungan ay dapat na itala sa medikal na rekord ng pasyente, ang impormasyon kasama ang ngunit hindi limitado sa mga dahilan para sa paggamit nito, ang tagal ng paggamit, at ang pangalan ng nag-awtorisa na miyembro ng kawani.
- Kapag, sa isinulat na opinyon ng iyong nangangasiwang manggagamot, umiiral ang isang totoong medikal na emerhensiya at kailangan ng operasyon para iligtas ang iyong buhay, pisikal na kalusugan, paningin, pandinig, o mga bahagi ng katawan, ang propesyonal na tao na nangangasiwa, o ang itinalagang tao ng propesyonal na iyon, ang maaaring magbigay ng pagsang-ayon para sa operasyon kung hindi pinahihintulutan ng oras na makakuha ng pagsang-ayon mula sa mga naaangkop na kamag-anak, tagapangalaga o hudisyal na awtoridad. Gayunpaman, ang isang operasyon ay hindi maaaring awtorisahan kung ikaw ay nasa hustong gulang at sadyang binawi ang pagsang-ayon sa relihiyosong kadahilanan.
- Sa pagpapalabas, ay bibigyan ng isang plano sa pagpapalabas na partikular na nagsasabi ng mga uri at halaga ng pangangalaga at paggamot na iyong kinakailangan at ang iba pang mga hakbang na pwede mong gawin para mapabuti ang iyong mental na kalusugan pagkatapos na umalis sa pasilidad.
- Magtanong tungkol sa mga ginastos sa iyong babayaran. Pakitawagan ang Patient Financial Services sa 1-877-202-3597.
- Malaman ang tungkol sa alinmang mga pinansiyal na kasunduan na mayroon ang mga provider sa panlabas na mga serbisyon pangkalusugan.

Ang mga pasyente ng PeaceHealth (o mga kinatawan ng pasyente, kung naaangkop) ay responsable sa...

- Pagbibigay ng tumpak at kumpletong impormasyon tungkol sa iyong medikal na kondisyon at medikal na kasaysayan;
- Agarang pag-abiso sa iyong mga tagapag-alaga sa anumang pagbabago sa iyong kalusugan at anumang mga balakid sa iyong plano ng paggamot;
- Aktibong paglahok sa iyong pangangalaga sa kalusugan. Magtanong at maghanap ng tulong para iyong maintindihan ang iyong posibleng paggamot, pangangalaga at mga serbisyo;
- Pumunta sa mga naiskedyul na appointment o magbigay ng sapat na abiso para sa pagkaantala o kanselasyon;
- Magpakita ng galang at konsiderasyon para sa mga karapatan at ari-arian ng iba;
- Umiwas sa mapang-abusong wika o ugaling kapaha-pahamak;
- Iwanan ang mahahalagang gamit sa bahay, kung posible, o ideposito ang lahat ng ito sa kaha-de-yero ng ospital. Ikaw ay responsable para sa lahat ng iyong personal na kagamitan.
- Bayaran ang iyong bayarin agad. Kung ikaw ay nakararanas ng paghihirap, pakiusap tumawag sa Patient Financial Services sa 1-877-202-3597.

Maari mong sabihin ang iyong mga reklamo o mga hinanakit tungkol sa iyong pangangalaga o mga pag-aalala sa berbal na paraan o sa sulat at magkaroon ng agarang pag-follow up. Humiling na makipag-usap sa pangunahing nars, tagapangasiwa ng departamento o kumontak sa isa sa mga miyembro ng pangkat ng PeaceHealth's Risk Management gamit ang mga numero ng telepono na ibinigay sa ibaba.

<p>PeaceHealth Ketchikan Medical Center: (PeaceHealth Ketchikan Medical Center) 3100 Tongass Avenue Ketchikan, AK 99901 907-225-5171</p> <p>Hotline patungo sa Puso (Hotline to the Heart) 1-907-228-8300</p>	<p>Kagawaran ng Kalusugan at Sosyal na mga Serbisyo ng Alaska (Alaska Department of Health and Social Services) Sertipikasyon at Paglilisensya ng mga Pasilidad na Pangkalusugan (Health Facilities Licensing & Certification) 4501 Business Park Blvd. Ste 24, Bldg. L Anchorage, AK 99503</p> <p>Markahan ng malinaw sa sobre ng "Kumpidensyal" na</p> <p>Telepono: 907-334-2483 Email: complaintcoordinator@alaska.gov</p>
---	--